Taglagas sa New York
Ni Clarence M. Batan

Dahong lagas na waring dumadamit
Sa pagod na kalye
Sa kakatapak ng mga taong naglalakad
Tumatakbo't namamasyal.

Iba't ibang wika, samu't saring kulay
Mula bata hanggang matanda -
Dinarama ang sandaling samyo
Ng malamig na hanging nagpapalagaslas
Sa dahong tuyo.

Nagpapalit na ang luntiang kulay ng mga
Dahon sa mga puno.
At ilang araw na lang
Kapag ang pagkapit sa sanga'y napigtal
Waring tuod na lang ang matitirang anyo.

Parang naglaho na ang buhay pero hindi.
Pansamantala lang na hinaharap ang
Papalamig na panahon –
Daramhin lang ang panunuot ng niyebe sa
Maselang mga sanga't ugat…
Hanggang makahanap muli ng tamang oras,
Upang sariwang pausbungin
Ang mga bagong luntiang dahong
Muling sasayaw kasabay ng mainit na hangin
Upang magbigay lilim.

Central Park, New York City
Sa pagitan ng 69th & 5th Streets
October 20, 2007